

Taon XXXV Blg. 15 Agosto 7, 2004 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Dagdag na mga pahirap sa bayan

Sumahol ang krisis ng ekonomya at lipunan at lumala ang kahirapan at kaapihan ng bayan. Sa susunod na anim o higit pang taon, lalo pa itong palulubhain ng mga planong inilatag ni Arroyo sa kanyang SONA noong Hulyo 26 na pawang naaayon sa kagustuhan ng International Monetary Fund (IMF).

Alinsunod sa dikta ng IMF, pipilitin ni Arroyo na burahin ang depisit, mabalanse ang badyet ng gubyerno at mabayaran ang mga utang nito at ng bayan upang makapangutang pa rin sa mga pandaigdigang bangko. Pinakasentro ng talumpati ni Arroyo ang sampung hakbang kaugnay ng pagbubuwis na kanyang ipatutupad para makalikom ng mahigit daan bilyong pisong kailangan upang malutas umano ng Pilipinas ang napakalaki nitong depisit at pagkakautang.

Subalit ibayong pabigat ang mga "solusyong" inihahain ng rehimen. Isa na rito ang dagdag na mga buwis na ipapataw sa limpak-limpak na salaping kinikita ng mga kumpanya ng langis at kumpanya ng telekomunikasyon, gayundin ang dagdag na buwis sa benta ng lahat ng mga produkto at serbisyo. Kunwa'y

manggagaling sa mga higanteng korporasyon ang ibang buwis, tulad ng buwis sa prankisa para sa pagseserbisyo ng mga cellphone, dagdag na taripa sa pagaangkat ng mga produktong petrolyo at buwis sa kabuuang kita ng mga kumpanya. Subalit ang totoo, sa kahuli-hulihan ay mga ordinaryong mamamayan din lamang ang papasan ng anumang karagdagang buwis sa anyo ng mas mataas na presyo ng mga produktong petrolyo, mas mataas na singil sa paggamit ng mga cellphone, at mas mataas na presyo ng iba't iba pang mga produkto at serbisyong kailangan ng mamamayan.

Isa pang napakabigat na "solusyon" para maibsan umano ang depisit sa badyet ang pagpapaliit sa burukrasya at kaakibat na pagtatanggal ng daan-daang libong karaniwang kawani ng gubyerno sa pamamagitan ng pagpapaaga ng kanilang pagreretiro. Sila ang pangunahing target sa pagbabawas sa gastos ng gub-



Mga tampok sa isyung ito...

Karagdagang buwis sa langis, mamamayan ang papasan

PAHINA 4

Panibagong lakas ng armadong pakikibaka sa Negros PAHINA 6 CPLA at AFP sa iligal na pagtotroso sa Apayao

PAHINA 8

yerno dahil sa ₱286.5 bilyong taunang sweldo nila na bumubuo ng 33.1% ng kabuuang badyet ng gubyerno.

Plano ng rehimen na kagyat nang patalsikin ang 30,000 kawani mula sa unang bubuwaging 80 ahensya ng gubyerno. Kasunod nito, bubuwagin ang 30 pang ahensya. Sinasabi rin ng Malakanyang na nakaprograma ang pagtatanggal ng dagdag na 100,000 sa susunod na taon dahil di na umano kailangan ang mga ito. Gayunpaman, ayon sa COURAGE, aabot sa 420,000 o 38% ng mga kawani sa gubyerno ang nakatakdang sisantehin ng rehimeng Arroyo.

Para iwasan ang matinding galit at pagtutol ng mga kawani, kapalit ng pagkakatanggal nila sa trabaho ay nangako ang rehimen na tulungan silang magtayo ng sarili nilang mga negosyo—isang katawa-tawa at lubhang di kapanipaniwalang panukala.

Hindi mapapaliit ang depisit sa badyet sa pamamagitan ng maramihang pagtatanggal ng mga kawani. Hindi nito mapapawi ang laganap at grabeng burukratikong korapsyon at maling mga prayoridad, na pinakamalaking sanhi ng pagkawaldas ng mga rekurso ng gubyerno. Hindi lamang nito lalong itataas ang tantos ng disempleyo, ibayo rin nitong pahihinain ang dati nang kulang na kulang na mga ahensyang pampubliko na nagbibigay ng mga batayang serbisyo. Dagdag dito, laksa-laksa pa ang sisisantehin kaakibat ng pagsasapribado ng mga korporasyong pagaari ng gubyerno.

Isa sa mga isasapribado ay ang National Power Corporation (NA-POCOR). Sa kanyang SONA, pinili ni Arroyo na diinan ang pangangailangan umano ng sapat, episyente at murang suplay ng kuryente sa pamamagitan ng pagsasapribado ng serbisyo rito. Ito'y tugmang-tugma sa linya ng IMF na dapat daw ipaubaya sa pribadong negosyo ang pagsusuplay at pagtatakda ng presyo ng serbisyo sa kuryente para iligtas ito sa katiwalian, kainutilan at kabulukan ng gubyerno.

Subalit taliwas sa pangako na mas bababa ang mga bayarin bunga ng pribatisasyon, malinaw sa karanasan ng bansa sa pribatisasyon na lalo pang sumirit ang dati na ngang nakalululang mga bayarin sa kuryente at iba pang serbisyo nang ipaubaya na ang mga ito sa

Wala nang duda ang magiging larawan ng susunod na anim na taon sa ilalim ng rehimen ni Arroyo: ibayong pahirap at mga sakripisyo para sa dati nang naghihirap at nagsasakripisyong mamamayan, laluna ang masang anakpawis.

kasakiman ng pribadong negosyo. Walang batayan para isiping maiiba ang magiging karanasan sa pribatisasyon ng NAPOCOR. Tiyak na itataas nito ang presyo ng kuryenteng isinusuplay nito sa mga distribyutor, at tiyak na babawiin ng mga distribyutor ang dagdag na halaga sa pamamagitan ng pagtataas ng singil sa kuryenteng ginagamit ng mga konsyumer.

Inulit ni Arroyo sa kanyang SONA ang pangakong lilikha siya ng mga bagong trabaho. Para rito, inilinaw niya na ang "umuunlad na mga sektor sa industriya, serbisyo at maliliit na negosyo" ang magpaparami ng empleyo sa kalunsuran at ang sektor ng agribisnes naman ang bahala sa pagpaparami ng empleyo sa kanayunan at pagpigil ng pagdayo ng mga magsasaka tungo sa kalunsuran.

Ngunit habang binibigkas ito ni Arroyo, tuloy and pagbagsak ng sektor ng manupaktura. Walang anumang sinabi si Arroyo kung papaano mapauunlad ang industriya na siyang tunay na lilikha ng mga trabaho para sa mga manggagawa. Bagkus, ipagpapatuloy lamang ng kanyang rehimen ang imperyalistang "globalisasyon" at iba pang neokolonyal na patakarang sumasagka sa anumang pag-unlad ng pambansang industrivalisasyon. Patuloy na lalala ang disempleyo habang walang tunay na industriya sa bansa.

# ang Bayan

Taon XXXV Blg. 15 Agosto 7, 2004

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga
artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

Nilalaman

#### Editoryal

Dagdag na mga pahirap sa bayan 1
Karagdagang buwis sa langis, 4
Alyansa laban sa dagdag sa buwis 4
10 hakbangin sa pagbubuwis 5
Mga ulat-koresponsal
Armadong pakikibaka sa Negros 6
Bigong pagsalakay sa BHB 7
CPLA at AFP, magkakumpitensya sa iligal na pagtotroso 8

9

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Balita

Patuloy ding lalala ang disempleyo hangga't hindi nalulutas ang mahigit dantaon nang suliranin sa lupa ng mga magsasaka. Walang binanggit si Arroyo na anuman kaugnay ng repormang agraryo bukod sa pinagdiinan niyang panukala na gamitin ang lupang sakahan bilang kolateral sa bangko, kabilang ang mga lupang naipamahagi na sa ilalim ng huwad na programa ng qub-

yerno sa reporma sa lupa. Ito ay panukala para lalong mawalan ng lupang masasaka ang mga magsasaka.

Ibayo nitong pinatatampok ang kahungkagan at kabiguan ng pinalalabas ng gubyerno na programa nito para sa reporma sa lupa.

Dahil laganap ang pagkalugi ng mga magsasaka, tiyak na marami sa kanilang hindi makapagbabayad ng utang at maiilitan ng lupa. Gagampanan na rin ng iba pang mga pribadong bangko ang dati nang pinapapel ng Land Bank of the Philippines sa pag-iilit ng mga lupa ng mga magsasaka at pagbebenta nito sa sinumang makakakayang bayaran ang halagang itinatakda ng bangko. Isa itong sistematiko at ligal na paraan ng pang-

aagaw ng lupa mula sa mga magsasaka at muling pagkokonsentra nito sa kamay ng mga panginoong maylupa, mga asendero at malalaking korporasyong agribisnes.

Panukala rin ni Arroyo na simulan na sa pagpasok ng 2005 ang "cha-cha" o ang planong baguhin ang reaksyunaryong konstitusyon. Ito ay imbing pakana upang burahin mula rito ang anumang nalala-

HOLDAP!

bing pormal na sagka sa ibayong paglapastangan ng mga imperyalista sa pambansang soberanya at panghihimasok nila sa mga panloob na usapin ng Pilipinas. Papawiin na rin ang anumang sagka sa ibayong pagkontrol at pag-abuso ng mga

imperyalista at mga lokal na galamay nila sa ekonomya. Lalong hihigpitan ang pagkilos ng mamamayan, susupilin ang kanilang paglaban at sasagasaan ang kanilang mga karapatang sibil sa ngalan ng "qerang anti-terorismo" ng US.

Bahagi rin ng "cha-cha" ang pagpapalit ng sistema ng gubyerno mula presidensyal tungong parlamentaryo, bagay na inaasam-asam ni Arroyo at ng kanyang mga kapanalig sa kongreso. Halatang-halata ang kasigasigan nilang itulak ang "cha-cha" dahil sa personal na ka-pakinabangan, pangunahin na sa pamamagitan ng pagpapahaba ng kanilang mga termino.

**C**a harap ng lahat ng ito, kapan-**O**sin-pansin and maraming iba pang napakalaking usaping hindi man lamang binanggit ni Arroyo sa kanyang SONA. Wala siyang tugon sa iqiniqiit na P155 daqdaq sa arawang sahod ng mga manggagawa para matanggap nila ang minimum na kailangang kita upang mabuhay nang disente ang kanilang mga pamilya. Wala rin siyang imik sa hinihinging P3,000 dagdag na sweldo ng mga kawani, sa hinihiling na pagpapababa sa presyo ng mga bilihin at serbisyo at iba pang kahilingan para sa kahit kagyat na kaluwagan ng mamamayan.

Wala nang duda ang magiging larawan ng susunod na anim na taon o mahigit pa sa ilalim ng rehimen ni Arroyo. Ibayo itong pahirap at mga sakripisyo para sa dati nang naghihirap at nagsasakripisyong mamamayan, laluna ang masang anakpawis.

"Mamamayan muna!" ang susing islogan na ipinanawagan ni Arroyo sa kanyang SONA. Ngunit lubos na kabaligtaran nito ang tunay na nasa likod ng lahat ng mga pinamarali niya.

### Korapsyon, pagwawaldas at maling mga prayoridad ang tunay na nasa likod ng dambuhalang depisit sa pambansang badyet ng gubyerno:

- ▶ Aabot sa P100-200 bilyon ang nawawaldas taun-taon dahil sa korapsyon. Ayon sa pag-aaral ng United Nations Development Program, 70% ng halagang nawawaldas ay bunsod ng mga anomalya kaugnay ng obras publikas at 30% ang kaugnay ng katiwalian sa pagbibili ng mga suplay at kagamitan.
- ▶ Mahigit 67% (o P600 bilyon) ng panukalang badyet para sa 2005 ay lalamunin lamang ng pag-

babayad ng panlabas na utang ng Pilipinas.

Mahigit P90 bilyon o humigit-kumulang 10% ng panukalang badyet para sa 2005 ay mapupunta sa Department of National Defense, AFP, PNP at badyet paniktik ng Malakanyang. Gagamitin ito para sa panunupil at paglabag sa karapatang-tao ng mamamayan. Di pa kabilang dito ang mawawaldas sa luho, kurakot at iba pang katiwalian ng mga punong upisyal ng militar at pulisya.

Karagdagang buwis sa langis, ipapapasan sa mamamayan

a kabila ng walang tigil na pagtaas ng presyo ng langis, binabalak ng rehimeng Arroyo na itaas pa mula 3% tungong 5-7% ang taripa sa pag-aangkat ng mga produktong petrolyo. Tiyak na ngang tataas ang presyo ng langis dahil dito, subalit ang mas masahol pa rito, dadaqdaqan din nq ₱2.00 bawat litro ang excise tax o buwis na tuwirang sisingilin sa mga kumokonsumo ng lahat ng produktong petrolyo, maliban sa LPG (liquefied petroleum gas). Inaasahan ng Malakanyang na makalilikom ito ng ₱34.3 bilyon bawat taon mula sa mga buwis na ito, na siyang pinakamabibigat sa mga karaqdaqang buwis na balak ipapasan ng rehimen sa mamamayan.

Walang naniniwala sa sinasabi ng rehimen na ang karagdagang buwis na ito ay isasabalikat ng mga kumpanya sa langis. Katunayan, mismong ang mga kumpanya sa langis ang nagbabala na itataas nila ang presyo ng gasolina nang hanggang P1.20 kada litro, at ng diesel, P1.50 kada litro. Pinaplano na ring taasan ang presyo ng LPG nang mula 50 sentimos hanggang P1 bawat kilo.

Alam na alam ng Malakanyang na malaki ang posibilidad na sumiklab ang malawakang galit ng mamamayan sa pagpapapasan sa kanila ng karagdagang buwis na ito. Kaya't tusong binabalak ng rehimen na itaon ang pagpapataw ng karagdagang buwis kapaq bumababa ang presyo ng gasolina sa pandaigdigang pamilihan. Sa gayon, walang anumang kaluwagang matatamo ang mamamayan. Tumaas man o bumaba ang presyo ng mga produktong petrolyo sa pandaigdigang pamilihan, tataas pa rin ang presyo ng mga 🕻 ito sa Pilipinas.

Napakabigat na para sa mamamayan ang abereyds na 50 sentimong karagdagang ipinapatong ng mga kumpanya ng langis sa bawat pagtaas ng presyo ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan. Lalo pang mabigat na pasanin ang ipapatong pa ritong karagdagang buwis sa langis.

Sa harap nito, wastong pinanawagan sa kongreso ng mga progresibo ang nasyunalisayon ng industriya ng langis sa bansa at pagbabasura sa batas sa deregulasyon

nito. Mahigit 60 beses nang itinataas ang presyo ng langis sa

Ang pinakahuling pagtataas sa presyo ng mga pangunahing produktong petrolyo ay naganap nito lamang Agosto 3, kung saan dinagdagan ng 50 sentimos ang presyo bawat litro ng gasolina, krudo at gaas. Ito ang ikapitong pagtataas sa presyo ng gasolina at ikaanim na pagtataas sa presyo ng krudo mula noong Enero 2004.

loob ng walong taong pag-iral ng

batas sa deregulasyon ng industri-

ya ng langis.

### Alyansa laban sa pagtataas ng buwis, binuo sa kongreso

**B**inuo sa kongreso noong Agosto 2 ang Alliance of Legislators Against Regressive Taxes (ALERT) para labanan ang plano ng rehimeng Arroyo na patawan ng mga karagdagang buwis ang mamamayan sa harap ng laganap na paghihikahos at disempleyo.

Ang ALERT, na pinangungunahan ng mga kinatawan sa kongreso ng Bayan Muna at Anakpawis ay binubuo sa ngayon ng 39 na mambabatas na pumirma sa House Resolution No. 91 na nananawagan sa gubyerno na lutasin muna ang mga problema sa pangongolekta ng buwis bago magpataw ng mga dagdag na buwis.

Ayon sa resolusyon na isinampa ni Teodoro Casiño ng Bayan Muna, aabot sa P285 bilyon ang nawawala taun-taon dahil sa iba't ibang problema kaugnay ng pagbubuwis. Tinukoy ng ALERT bilang mga pangunahing salik sa malaking kakulangan sa nakokolektang buwis ng gubyerno ang malawakang pag-iwas ng malalaking negosyante sa pagbabayad ng buwis, ang malaking kabawasan sa taripang kinokolekta dahil sa liberalisasyon ng kalakalan at

Sundan sa "Alyansa..." sa pahina 5

#### 10 hakbangin sa pagbubuwis ng rehimeng Arroyo

HOLDAP!

**S**a desperasyong makalikom ng P126.66 bilyong karagdagang kita para mabawasan ang napakalaking depisit sa badyet, matustusan ang malaking gastos at mabayaran ang dambuhalang mga utang ng gubyerno, balak ng rehimeng Arroyo na magsagawa ng iba't ibang karagdagang hakbangin sa pagbubuwis na pawang magpapalala sa hirap na kalagayan ng mamamayang Pilipino. Sumusunod ang ilan sa mga ito:

1) Pagtataas ng VAT (value-added tax o buwis sa mga naidaragdag na halaga sa mga produkto) mula sa kasalukuyang 10% tungong 12% sa 2006 at 14% sa 2007. Inaasahang malilikom na buwis: ₱19.9 bilyon.

2) Pagpapataw ng 3% franchise tax (buwis sa karapatang magnegosyo) sa mga kumpanya sa telekomunikasyon. Ang pasanin dito ay ipapasa ng mga kumpanya sa mga gumagamit ng cellphone. Inaasa-

hang malilikom mula rito: P6 bilyon.

**3)** Pagbaling sa *gross income taxation* (o pagbubuwis sa kabuuang kita sa halip na sa netong kita) sa mga korporasyon at mga indibidwal na self-employed o nagtatrabaho para sa sarili. Maaaring tumubo sa gayon nang sobra-sobra ang mga korporasyon nang walang anumang buwis sa kanilang tutubuin pagkatapos maisaayos ang

babayaran nilang gross income tax. Samantala, ang gross income tax na kung tutuusin ay halos sales tax o buwis sa pagbebenta ay mas madaling maipapasa sa mga konsyumer sa pamamagitan ng simpleng paqtataas lamanq nq presyo ng mga produkto o serbisyo ng korporasyon. Inaasahang

malilikom mula rito: ₱16.76 bilyon.

4) Pagpapaliit ng fiscal incentives (o mga insentibo sa mga kumpanya sa anyo ng pagbabawas o pag-aalis ng buwis, pagbibigay ng mga subsidyo at iba pa) para higit na umayon sa mga regulasyon ng World Trade Organization. Inaasahang dagdag na kikitain mula rito: ₱5 bilyon.

**5)** Pagpataw ng *index reclassification tax* (buwis sa pamamagitan ng simpleng pagbabago ng katego-

> rya ng mga produkto) sa mga "bisyo," tulad ng mga inumin at sigarilyo na kinokonsumo ng karamihan ng mamamayan. Inaasahang malilikom mula rito: ₱14 bilyon.

6) Pagbibigay ng general tax amnesty (pangkalahatang amnestiya sa babayarang buwis). Sa pamamagitan ng pagbabayad na lang ng mas maliit na halaga, ganap na ililibre na sa mas malalaking pananagutan nila sa nakaraan ang malalaking korporasyon at mayayamang indibidwal na

nakaiwas sa pagbabayad ng buwis sa maanomalyang mga paraan. Inaasahang malilikom

mula rito: ₱25 bilyon.

7) Pagtataas ng taripa sa pag-aangkat ng mga produktong petrolyo. Inaasahang malilikom mula rito: P4.6 bilyon.

8) Pagtataas ng excise tax sa mga produktong petrolyo. Inaasa-

hang malilikom mula rito: ₱29.7 bilyon.

- 9) Paqtataas ng mga singilin ng iba't ibang ahensya ng gubyerno. Inaasahang malilikom mula rito: ₱5.7 bilyon.
- **10)** Pagpaparami pa ng mga pwedeng buwisan ng mga korporasyong pag-aari o

kontrolado ng gubyerno, tulad ng Public Estates Authority (PEA) at Philippine Gaming and Amusement Corporation (PAGCOR).

"Alyansa..." mula sa pahina 4

ang sobra-sobrang insentibong ibinibigay sa mga pinapaborang industriya. Ayon din sa ALERT, napa-

kalaki rin ng depisit sa badyet dahil umaabot sa 75% ng nalilikom ng qubyerno mula sa paqbubuwis at iba pang paraan ang nilalamon lamang ng pagbabayad sa utang.

...balak ng rehimeng Arroyo

na magsagawa ng mga

karagdagang hakbangin sa

pagbubuwis na pawang magpa-

palala sa hirap na kalagayan ng


mamamayang Pilipino.

Inaasahang dadami pa ang sasali sa ALERT mula sa kongreso at senado sa harap ng matinding pagtutol ng mamamayan sa mga pinaplanong bagong pasaning buwis. As

### Panibagong lakas ng armadong pakikibaka sa Negros

ilit ipinagmayabang ni Brig. Gen. Jeffrey Sodusta ng 303rd Infantry Brigade na nasusukol na raw ng AFP ang BHB, laluna pagkatapos ng revd ng Philippine Army sa isang kampo ng mga Pulang mandirigma sa Guihulngan, Negros Oriental noong Hunyo 12. Walong sundalo ang napatay dito at pito ang sugatan subalit itinago ng kaaway ang tunay na bilang ng mga kaswalti nito. Sa gitna ng pagmamayabang nito, lubhang napahiya ang AFP nang ambusin naman ng BHB nitong Hulyo 22 ang isang platun ng 12th IB at CAFGU sa Sityo Cagay, Barangay Camindangan sa Sipalay City, Negros Occidental.

Halatang-halata ang pagkataranta ng AFP nang kara-karaka itong magpatawag ng Emergency Joint Police-Army Conference sa Camp Alfredo Montelibano sa Negros Occidental at magbuo ng "koordinadong estratehiya" para sa "lubusang depensa" laban sa BHB na maaaring umatake anumang oras at saan mang lugar sa Negros.



Alinsunod rito, kasalukuyang nagtatambak ng dagdag na pwersa ang AFP sa Negros. Halos 500 Scout Rangers and hinugot mula sa iba't ibang yunit sa kapuluan at dinala sa isla noong Hulyo 26 para magsilbing panagupang pwersa laban sa BHB. Bukod pa ito sa 11th IB, 61st IB, 66th IB at 12th IB (na "handler" ng 1,200 CAFGU), 542nd Engineering Battalion, mga Regional Mobile Group (RMG 6 at RMG 7) ng PNP, at bandidong RPA ni Arturo Tabara na dati nang naghahasik ng lagim sa Negros.

Subalit tulad ng pagbigo ng mga rebolusyonaryong pwersa sa mga dating kampanyang militar ng kaaway, tiyak nilang mapangingibabawan ang pagtatambak ng daqdag na pwersang militar at ang pagbubuo ng diumano'y mga bagong estratehiya laban sa BHB at maisusulong ang armadong pakikibaka sa isla.

Hambalos sa "Oplan Gordian Knot." Isang serye ng mga taktikal na opensiba ang naging tugon ng BHB sa Negros nang ipatupad sa isla ng rehimeng Arroyo noong 2002 ang "Oplan Gordian Knot" na ipinangalandakang mabilis at mapangahas na solusyon sa paglakas ng rebolusyonaryong kilusan. Tinambangan at napatay si 1Lt. Regner Jerson, isa sa pinakamasuqid na upisyal militar ni Sodusta noong Agosto 6, 2003 sa Kanlaon City, Negros Oriental. Upang makabawi sa demoralisasyon, inilunsad ang laking brigadang operasyon. Ngunit sumuntok lamang sa hangin ang mga pwersang militar.

Nadaqdaqan pa anq demoralisasyon ng kaaway nang muli silang magtamo ng mga kaswalti noong Agosto 17. Isang komposit na pwersa ng Scout Rangers, Philippine Army at RPA and nagtangkand sumalakay sa hinihimpilan ng BHB sa Sityo Mambutoy, Barangay Locoton sa Kabankalan City, Negros Occidental, subalit ang AFP ang umuwi nang may dalawang patay at dalawang sugatan. Walang naging kaswalti sa paniq ng BHB.

Kaalinsabay nito, mariing tinuligsa ng demokratikong kilusang masa sa mga lungsod at sentrong bayan ang lumalalang militarisasyon sa kanayunan.

Noong Disyembre 16, 2003, sinalakay ng BHB ang kampo ng RPA sa Sityo Kakha, Barangay Tamlac, Sta. Catalina, Negros Oriental. Nakasamsam ang mga Pulang mandirigma ng Southwest Front ng 11 M16, isang M79 grenade launcher at mga bala. Nagbunyi



ang maraming mamamayan nang mabalitaan ang reyd na ito. Matagal na nilang inirereklamo ang pangongotong, pagtutulak ng bawal na droga, pagnanakaw sa kanilang mga hayop at pagbabanta sa kanilang buhay ng mga elemento ng RPA.

Bilang reaksyon, pinahigpit

ang koordinasyon ng mga pamahalaang lokal sa militar at pulis sa pamamagitan ng Peace and Order Council sa antas munisipalidad hanggang lalawigan. Pinalakas ang makinarya sa paniktik ng AFP, PNP at iba pang ahensya ng gubyerno sa pamamagitan ng Barrio Intelligence Network (BIN). Kasabay nito, pinalakas ang mga detatsment at pinadalas ang mga operasyong militar at operasyong saywar. Patuloy din ang anti-komunista at malisyosong intriga laban sa ligal na mga progresibong organisasyon. Subalit matataq itong nilabanan ng rebolusyonaryong kilusan at mamamayan ng Negros.

Papaigting na armadong pakikibaka. Madaling araw ng Pebrero 15, 2004, sinalakay at nagapi ng mga kasapi ng Bonifacio Pasakan Command-Larangang Gerilya 2 ang detatsment ng 44th CAFGU Coy sa Barangay Mahalang, Himamaylan City. Kauna-unahang reyd ito sa portipikadong Advance Command Post ng 61st IB. Napatay ang isang sarhento ng Philippine Army, na kumander ng detatsment, habang sumuko naman ang dalawang elemento ng CAFGU. Nakaagaw ang BHB ng isang M16, isang M14 at tatlong Garand. Binihag ang isang elemento ng CAFGU, si Eduardo Raya, dahil sa aktibong papel niya sa mga operasyon laban sa BHB, subalit kalaunan ay pinalaya sa batayang makatao.

Nabigyang-katarungan din sa reyd na ito ang mga biktima ng mga pasistang kahayupan tulad ng 62 taong gulang na si Morito Arcadenia na namatay matapos siyang kulatahin at paghahampasin ng kahoy ng mga nag-ooperasyong elemento ng 61st IB noong Nobyembre 2002 sa Manlocahoc, Sipalay, Negros Occidental.

Noong Marso 3, tinambangan at napatay ng mga Pulang mandirigma ng Leonardo Panaligan Command-Larangang Gerilya 1 (LPC) ang dalawang kasapi ng RPA. Sakay ang mga ito ng motorsiklo nang ambusin sa Sityo Estaka, Barangay Humay-Humay, Guihulngan, Negros Oriental.

Noon namang Mayo 5, sa kasagsagan ng kampanya para sa elek-

### Bigong pagsalakay sa kampo ng BHB

 ${f N}$ oong Hunyo 12, matagumpay na nakadepensa at ligtas na na-kaatras ang isang yunit ng BHB matapos pasukin at tangkaing durugin ng 11th IB ang kanilang kampo sa Tacpao, Guihulngan, Negros Oriental. Hindi lamang umuwing bigo ang AFP, walo ang napatay at pito ang sugatan sa kanilang hanay matapos mabaligtad ang sitwasyon at paulanan sila ng bala ng mga Pulang mandirigmang nag-aabang na sa kanila. Isang mandirigma ang naging martir sa labanang iyon.

Ayon sa Leonardo Panaligan Command (LPC), Hunyo 10 pa lamang ay namonitor na ng isang nakakampong yunit nito ang pagkilos ng isang reconnaissance platoon ng 11th IB at nasuri na rin ang pakay ng operasyon ng kaaway. Misyon ng platung ito ng kaaway na sagupain ang anumang pwersang matatagpuan sa naturang kampo ng BHB. Pagkilos tuwing gabi ang moda ng operasyon ng kaaway na platun. Ngunit nakaalerto na ang mga gwardya sa mga tago nilang postehan at ang buong kampo ng BHB.

Bandang 4:45 ng madaling araw ng Hunyo 12, habang nagmamaniobra pa lamang ang kaaway papasok sa kampo, nauna nang magpaulan ng bala ang BHB. Bumanat ang Sentry 1 ng kampo habang nagpaplangka sa kaliwa't kanan ang kaaway. Tatlo kaagad sa 11th IB ang napatay at marami pa ang nasugatan. Nagreimpors naman ang Sentry 2. Nabigla at nalagay sa depensibong pusisyon ang kaaway at agad napaatras. Gayunpaman, hindi nasusteni ng BHB ang inisyatiba para tuluyang malipol ang kaaway. Ito'y dahil hindi agad naipasa ang impormasyon sa kumand para mataya nito ang kabuuang takbo ng labanan at maiatas ang paghahabol at paglipol sa umaatras na kaaway.

Bandang alas-8 ng umaga, nakaatras na rin ang lahat ng pwersa ng BHB. Umabot pa nang tatlong oras bago nakarating ang reimporsment ng kaaway.

Ipinahakot ng militar sa apat na helikopter ang mga bangkay at sugatan sa pagtatangkang ilihim ang kanilang malaking kabiguan. Ipinagkalat na lamang ng umaatras na tropa ng 11th IB sa lahat ng dinaanan nilang baryo na marami raw silang napatay sa hanay ng BHB.



syon, sinalakay ng isang yunit kumando ng Leonardo Panaligan Command ang Provincial Mobile Group (PMG) Outpost sa Barangay Masulog, Kanlaon City. Isa itong susing yunit sa paglulunsad ng kontrarebolusyonaryong kampanya laban sa BHB. Perwisyo rin sila sa mamamayan dahil sa pangongolekta nila ng tong mula sa lahat ng dumadaang sasakyan. Nakasamsam ang

mga Pulang mandirigma ng tatlong M16, isang M14, tatlong .45 pistola, mga bala, mga bota at uniporme mula sa limang minutong reyd.

Sa Barangay Guimbalaon, Silay City, inaresto ng mga kasapi ng Jean Pelle Command noong Mayo 8 ang dalawang elemento ng RPA na nangongotong sa 20 asyenda. Nakumpiska sa kanila ang koleksyong pera, dalawang .38 rebolber at

isang granada. Inamin din ng mga taga-RPA na nagsisilbi silang pribadong badigard ng mga pulitiko. Pinakawalan ang dalawa matapos sila mangakong titiwalag sa bandidong RPA at magbabagong-buhay.

Sa patuloy pang pagtaas ng antas ng armadong pakikibaka at buong rebolusyonaryong kilusan sa Negros, patuloy ding magagapi ang anumang hambalos ng kaaway.

# CPLA at AFP, magkakumpitensya sa iligal na pagtotroso sa Apayao

abang sa kalakha'y magkasabwat sila sa mga kriminal at kontra-rebolusyonaryong pakay at aktibidad, mahigpit na magkaribal sa iligal na pagtotroso sa Cordillera ang reaksyunaryong militar at ang kontra-rebolusyonaryong grupong nagtatawag sa sarili na Cordillera People's Liberation Army (CPLA). Makailang beses nang nagkaroon ng madugong sagupaan sa pagitan ng dalawang grupo sa pagpoprotekta ng kani-kanilang interes.

Noong Hulyo 10 ay nagsagupaan ang mga elemento ng AFP at CPLA sa Luna, Apayao. Ang dahilan ng kanilang banggaan: ang panghuhut-

hot sa Furniture Group Inc. (FGI). Tumangging magbigay ang FGI ng ₱10 milyong hinihingi ng CPLA kaya sinu-

nog ng mga elemento nito ang isang trak at ilang buldoser ng kumpanya. Sinagupa sila ng

17th IB na siyang nagbibigay ng proteksyon sa FGI. Nasugatan ang walong elemento ng CPLA at may napatay ding dalawang sibilyan. Ipinuslit

ng AFP ang 70 trak ng troso pagkagapi nito sa CPLA. Tahasang nakakapagbyahe ang AFP ng ganito karaming trak ng iligal na troso kahit sa araw.

Upang pagtakpan ang kanilang pagkakasangkot sa insidente, ipinagkalat ng 5th ID na ang nakasagupa nila ay ang BHB. Mariin itong pinabulaanan ni Kasamang Martin Montaña, tagapagsalita ng Chadli Molintas Command ng BHB sa Ilocos-Cordillera Region.

Parehong nagpapanggap na BHB ang CPLA at AFP hindi lamang upang mapagtakpan ang kanilang mga kriminal na aktibidad, kundi para siraan ang BHB sa mata ng mamamayan.

Kasinungalingan din ang sinasabi ng CPLA na pinangangalagaan nito ang lupang ninuno at ang kagubatan ng Apayao, dagdag ni Ka Martin. Ipinakikita ng mga ulat ng mga yunit ng BHB at ng organisadong masa na sangkot ang mga paksyon ng CPLA sa iligal na pagtotroso, pagtatanim ng marijuana, hweteng at

iba pang kriminal na gawain sa Cordillera.

Patuloy na nagkakamal ng pera ang paksyon ni Mailed

> Molina mula sa iligal na pagtotroso sa Bucloc at mga kalapit na bayan sa katimugang Abra. Samantala, ang pak-

syong Balweg naman na pinamumunuan ni Michael Suguiyao Jr. ay nakikipagkutsaba sa mga iligal na nagtotroso sa Luna,

Pudtol, Conner at Sta. Marcela sa Apayao.

Malawak na ang nasirang gubat at kalupaan bunsod ng ilang dekada ng walang pakundangang pagtotroso ng AFP, CPLA at mga sakim na kumpanya, warlord at mga sindikato sa iligal na pagtotroso. Ang kasalukuyang krisis at nauubos na yaman ng bayan ay nagtutulak sa mga grupong ito sa maigting na ribalan at maduqong sagupaan.



# 12 armas nasamsam ng BHB sa mga labanan sa Agusan at Zamboanga

LABINDALAWANG armas ang nakumpiska ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) mula sa dalawang magkahiwalay na labanan sa Agusan del Sur at Zamboanga del Sur nitong Agosto 5.

Sa Agusan del Sur, walong armas ang nakumpiska at di bababa sa walong sundalo ang napatay at 13 ang nasugatan nang magsagupaan ang BHB at mga elemento ng umaatakeng 1st at 2nd Reconnaissance Coy ng 4th ID sa Sityo Manawang, Barangay Guinabsan, Buenavista. Sa isang pahayag, pinabulaanan ni Cesar Renerio, tagapagsalita ng NDF-Northcentral Mindanao, ang

ulat ng kaaway sa midya na limang sundalo ang napatay at napakaraming patay at sugatan sa panig ng BHB. Isang gerilya ang namartir sa isang oras na labanan, ani Renerio.

Sa Zamboanga del Sur, nireyd rin ng BHB ang isang detatsment ng Philippine National Police sa Barangay Boyugan West, Kumalarang. Nalansi ang mga pulis sa detatsment dahil nakasuot ng mga unipormeng militar at *crew cut* ang gupit ng mga Pulang mandirigma nang pasukin nila ang outpost. Nakumpiska ang dalawang M16 at dalawang pistolang 9 mm mula sa mga pulis.

#### "Balance Piston," kinundena

KINUNDENA ni Rafael Mariano, party-list representative ng Anakpawis ang "Balance Piston" at anumang pagtigil sa Pilipinas ng mga tropang US bilang "kongkretong paglabag sa pambansang soberanya." Ang "Balance Piston," isang joint RP-US war exercise na nilalahukan ng 200 tropa (50 Amerikano at 150 Pilipino) ay kasalukuyang inilulunsad sa Carmen, North Cotabato. Sinimulan ito noong huling linggo ng Hulyo at matatapos sa huling linggo ng Agosto.

Ayon kay Mariano, ang Pilipinas ay nagmimistulang base militar ng US na sumeserbisyo sa mga digmang agresyon ng US at nagsisilbing tanghalan ng lakas pampulitika at pangmilitar ng US sa rehiyon ng Asia-Pacific.

Sa kaugnay na balita, naglunsad ng kilos-protesta sa Cotabato City noong Hulyo 28 ang Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN), MoroChristian People's Alliance (MCPA), United Youth of the Philippines (UYP) at Federation of Overseas Filipino Workers (OFW) in Maguindanao and Cotabato City laban sa "Balance Piston." Naigiit nila ang karapatan nilang maglunsad ng kilos-protesta sa kabila ng matinding harasment ng militar at pulisya.

Ayon sa mga demonstrador, ang mga pagsasanay tulad ng "Balance Piston" ay magreresulta sa walang pakundangang pag-aaresto sa mamamayang Moro at magsasapanganib sa kanilang buhay. Tinukoy ng mga raliyista ang pagkamatay kamakailan ni Arzeed Baharon, 19, isang residente ng Barangay San Roque, Zamboanga City na tinamaan ng bala ng mga tropang Amerikanong kalahok sa *live firing exercises* na ginanap sa syudad, kasama ng mga elemento ng Philippine Marines.

### RSOT sa Ilocos Sur, pinalalayas

MULING iginiit ng Ilocos Human Rights Alliance (IHRA) nitong huling linggo ng Hulyo ang



pagpapalayas sa Reengineered Special Operations Team (RSOT) ng AFP mula sa Cabugao, Sinait at Santa Lucia sa Ilocos Sur, dahil sa mga kaso ng pangaabuso nito sa mamamayan sa naturang mga lugar. Kasabay nito, kinundena ni Pastor Jerry Arzadon, pangkalahatang kalihim ng IHRA, si Col. Roberto Almadin, kumander ng 50th IB na nangangasiwa sa naturang RSOT, dahil sa kawalang aksyon nito sa mga reklamong idinulog sa kanya noon pang Abril 12.

Lima sa mga biktima ang lumantad sa masmidya at nagsalaysay ng mga pang-aabusong naranasan nila sa militar.

Binatikos nina Alex Tan at Rolly Marato, kapwa mga magsasakang taga-Santa Lucia, ang pagkakalista ng RSOT sa kanila bilang mga kasapi ng BHB pagkatapos salakayin ng mga Pulang mandirigma ang munisipyo ng Santa Lucia noong Setyembre 15, 2003. Iligal na hinalughog naman ng mga sundalo ang mga bahay nina Luzviminda Igne at Gloria Ibay, na kapwa taga-Baracbac, Sinait, dahil sa umano'y kuneksyon nila sa BHB. Inireklamo rin ni Roland Ibarra ng Quibit-Quibit, Sinait and mahiqpit na pagmamanman sa kanya ng militar dahil sa hinala na siya ay kasapi ng BHB.



#### Pamamaslang sa mga mamamahayag, kinundena

Mariing kinundena ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang magkasunod na pagpatay sa mga mamamahayag nitong unang linggo ng Agosto.

Sa isang pahayag, sinabi ni Gregorio "Ka Roger" Rosal, tapagsalita ng PKP, na ang mga pamamaslang ay nagdidiin sa malaking peligro na kinakaharap ng mga mamamahayag, laluna yaong mga naglalantad sa korapsyon at terorismo ng mga reaksyunaryong pulitiko, mga warlord at mga upisyal militar.

Kinundena rin ng National Union of Journalists in the Philippines (NUJP)-Iloilo Chapter ang pagpatay sa mga mamamahayag. Sa isang pagtitipon sa Iloilo City nitong Agosto 6, nagsuot ang mga myembro ng NUJP-Iloilo ng mga itim na *T-shirt* at *armband* at nagsindi ng mga kandila sa tapat ng kapitolyo ng prubinsya para ipahayag ang kanilang pagpoprotesta sa karahasan laban sa mga mamamahayag at ipaabot ang kanilang pakikidalamhati sa mga biktima.

Pinakahuling kaso ang pagpatay sa Bauan, Batangas nitong Agosto 5 kay Arnel Manalo, koresponsal ng dzRH sa Batangas at ng pahayagang *Bulgar*. Bago ito, pinatay din noong Agosto 1 si Roger Mariano, brodkaster ng dzJC-Aksyon Radyo sa Ilocos Norte.

Samantala, sa Cebu City, nakaligtas sa kamatayan ang tatlong brodkaster ng El Nuevo-Bantay Radyo na tinambangan sa sinasakyan nilang dyip nitong Agosto 5 ng gabi.

#### Mga residente ng Zamboanga, tutol sa pagmimina

TUTOL ang mga residente ng Midsalip, Zamboanga del Sur sa planong pagbubukas ng minahan sa kanilang bayan dahil sa pangamba na matulad ito sa iba pang lugar sa Zamboanga Peninsula na nagkaproblema sa polusyon at dislokasyon ng mamamayan.



Ayon sa Tumaud Pusaka Subaanen dig Midsalip (Tupusumi), isang organisasyon ng mga mamamayang Subanen sa Midsalip, at sa multisektoral na Katawhan sa Midsalip Supak sa Mina (Kamisumi), nagkaroon ng malawakang *mercury poisoning* sa bayan ng Sibutad, Zamboanga del Norte at napilitang lumikas ang libu-libong pamilyang Subanen mula sa Barangay Cabanatuan sa Siocon, sa pareho ring prubinsya, dahil sa operasyon ng Philex Mining Corporation, isang kumpanyang Australian.

May aplikasyon ngayon ang Geotechnics and Mines Inc. (GMI) para magmina ng ginto, pilak at *chromite* sa limang barangay ng Midsalip na dati nang idineklara ng DENR na *watershed areas*. Pinagkukunan ito ng inuming tubig, tubig pang-irigasyon at isda at nagbibigay-proteksyon laban sa baha. Ayon sa mga taga-Midsalip, ang pagmimina sa mga lugar na ito ay makasisira sa buhay at kabuhayan ng mamamayan di lamang sa Zamboanga del Norte kundi sa Zamboanga del Sur at Zamboanga Sibuguey.

Isang rali-protesta ang pinamunuan ng Tupusumi at Kamisumi noong Hulyo 14 laban sa planong pagmimina ng GMI.

#### Tahanan ni Kongresman Virador ng Bayan Muna, nireyd

HINALUGHOG ng mga pinaghihinalaang elemento ng Military Intelligence Group (MIG) nang walang mandamyento para sa pagrerekisa ang bahay ni Kongresman Joel Virador sa Barangay Matina, Davao City noong Hulyo 14, alas-9 ng umaga. Tinangay ng raiding team ang iba't ibang dokumento, mga personal na paq-aari at salapi. Si Virador, na nasa Maynila nang mangyari ang insidente, ay dating upisyal ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) sa Southern Mindanao at isa sa mga kinatawan ng Bayan Muna sa kongreso. Kasabay na nilusob ang katabing upisina ng BAYAN-Southern Mindanao.

Mariing kinundena ni Virador ang iligal na reyd sa kanyang pamamahay. Aniya, "Kung kaya nilang gawin ito sa akin, mas lalo na sa ordinaryong mamamayan." Magsasampa rin ng resolusyon ang Bayan Muna sa kongreso upang maimbestigahan ang insidente.

### AFP, hindi inabswelto ni Gracia Burnham

TALIWAS sa ipinalalabas ng Department of Justice (DOJ), walang anumang testimonya sa korte si Gracia Burnham na bumawi sa isiniwalat niya noong 2003 tungkol sa sabwatan at hatian sa ransom ng AFP at ng bandidong Abu Sayyaf. Isiniwalat ito ni Burnham noong isang taon sa libro niyang In the Presence of My Enemies batay sa mga nasaksihan niya noong bihag siya ng Abu Sayyaf mula 2001 hanggang 2002. Bumalik siya sa Pilipinas nitong Agosto upang tumestigo laban sa ilang elemento ng Abu Sayyaf na nililitis sa korte.

Inulan ng batikos ang DOJ nang mapabulaanan ng mga bidyo at rekord ng testimonya ni Burnham sa korte ang ibinalita ng DOJ na pagbawi umano ni Burnham sa kanyang mga isiniwalat.

Taon XXXV Blg. 15 Agosto 7, 2004 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Dagdag na mga pahirap sa bayan

Sumahol ang krisis ng ekonomya at lipunan at lumala ang kahirapan at kaapihan ng bayan. Sa susunod na anim o higit pang taon, lalo pa itong palulubhain ng mga planong inilatag ni Arroyo sa kanyang SONA noong Hulyo 26 na pawang naaayon sa kagustuhan ng International Monetary Fund (IMF).

Alinsunod sa dikta ng IMF, pipilitin ni Arroyo na burahin ang depisit, mabalanse ang badyet ng gubyerno at mabayaran ang mga utang nito at ng bayan upang makapangutang pa rin sa mga pandaigdigang bangko.

Pinakasentro ng talumpati ni Arroyo ang sampung hakbang kaugnay ng pagbubuwis na kanyang ipatutupad para makalikom ng mahigit daan bilyong pisong kailangan para malutas umano ng Pilipinas ang napakalaki nitong depisit at pagkakautang.

Subalit ibayong pabigat ang mga "solusyong" inihahain ng rehimen. Isa na rito ang dagdag na mga buwis na ipapataw sa limpak-limpak na salaping kinikita ng mga kumpanya ng langis at kumpanya ng telekomunikasyon, gayundin ang dagdag na buwis sa

> benta ng lahat ng mga produkto at serbisyo. Kunwa'y manggagaling sa mga higanteng korporasyon ang ibang buwis, tulad ng buwis sa prankisa para sa pagseserbisyo ng mga cellphone, dagdag na taripa sa pag-aangkat ng mga produktong petrolyo at buwis sa kabuuang kita ng mga kumpanya. Subalit ang totoo, sa kahuli-hulihan ay mga ordinaryong mamamayan din lamang ang papasan ng anumang karagdagang buwis sa anyo ng mas mataas na presyo ng mga produktong petrolyo, mas mataas na singil sa paggamit ng mga cellphone, at mas mataas na presyo ng iba't iba pang mga produkto at serbisyong kailangan ng mamamayan.

> Isa pang napakabigat na "solusyon" para maibsan umano ang depisit sa badyet ang pagpapaliit sa burukrasya at kaakibat na pagtatanggal ng daan-daang libong karaniwang kawani ng gubyerno sa pamamagitan ng pagpapaaga ng kani-



Mga tampok sa isyung ito...

Karagdagang buwis sa langis, mamamayan ang papasan

PAHINA 4

Panibagong lakas ng armadong pakikibaka sa Negros PAHINA 6 CPLA at AFP sa iligal na pagtotroso sa Apayao

PAHINA 8

#### Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang sinundang pahina, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2. Pag-print sa istensil:
  - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
  - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
  - k) I-click ang Properties
  - d) I-click ang Advanced
  - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
  - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*